

Introduction

“Ako si Maria. Narito ang aking karanasan at mga pakikipagsapalaran sa buhay!”

Pamilyar ba? Naman. Linya kasi iyan ni *Maria Kutschera von Trapp* sa opening ng cartoon series.

Seriously, my name is Amia Tahanlangit... ehem... Model Student of the Year Awardee sa *Aurora State College of Technology*, maganda (sabi ni Tatay), mabait (sabi ni Nanay), friendly (according to my friends) at matalino (sabi ng seatmate kong manunulad ng sagot).

Like *Maria*, *Princess Sarah* and the like, I also have my own stories of adventure to share. Hindi nga lang kasing-exciting ng mga adventures ni *Huck Finn*. Hindi rin iyong tipo ng istorya na pang-*MMK*. At lalong hindi pang-*X-Files* o pang-*Vampire Diaries* episode.

Simple lang ang kuwento ng buhay ko... pero ginawa kong kumplikado para hindi boring. Isa akong tipikal na kabataan na ang mission sa buhay ay mag-aral mabuti para maiahon sa hirap

Kuwento ni Amia - Mistress of Cambridge

ang mga magulang. O di ba?

Subalit nagkaroon ng hurdles ang smooth track na tinatahak ko. Dahil nga ni-rearrange ko ang organisado kong buhay, distracted tuloy ang beauty ko.

Paano 'yan? Abort mission na? Hindi ah. I'll continue to pursue my dreams and at the same time, explore the outside world... while mending my broken heart. Aray.

“Ako si Amia, ang promding naglakwatsa! For a change, I want some change...”

Sa totoo lang, hindi ko naman talaga ginulo ang buhay ko. Gusto ko lang ng kaunting pagbabago. Kaya 'ayun, nag-apply ako para maging exchange student ng *Aurora State College of Technology o ASCOT sa Cornwall Academy – Philippines* o *CAP*.

Nag-imbento ako ng mga “acceptable reasons” kung bakit kinakailangan kong umalis sa probinsya.

Una, self-growth. Hindi self whim.

Pangalawa, para mapagbigyan ang pinsan kong si Dorothea na may middle-child syndrome. Matagal na niya akong kinukulit na sa kanila tumira para magkaroon naman daw siya ng kakampi.

Pangatlo, baka sakaling kapag nakasama ko ang aking unofficial fiancé na si Adam, eh, totoo nang magka-in-love-an kami.

Kuwento ni Amia - Mistress of Cambridge

Pang-apat, hindi ko lang alam kung last-on-the-list o first-on-the-list ang rason na ito kung bakit atat na atat akong makalabas ng Aurora Province—I wanna know how Franz is doing.

FYI lang, Franz is my... ex? No, hindi naging kami. Almost lang. May VIP reservation na nga siya sa akin, hindi naman nakapaghintay. In other words, reserve boyfriend ko siya... dati. Hmm, nagpakatino kaya 'yon o tuluyang nagpakasira?

At mukhang umayon sa akin ang pagkakataon dahil sina cousin, unofficial fiancé at reserve boyfriend ay sa *Cornwall Academy* nag-aaral.

Ma-approve kaya ang application ko?